# "Lihis na Daanan"

A Lord's Flock General Assembly Topic
Sis Techie "Soar" Rodriguez, Elder-Founder TLF
January 31, 2021

Ayon sa Banal na Kasulatan, may magandang plano ang Diyos sa atin (Jer.29:11) at pinili Niya tayo bago pa tayo ipinaglihi (Jer. 1:5). Dahil iniisip natin na tayo'y pinili, pagpapalain Niya ang lahat ng ating gagawin. Ngunit minsan ang ating mga plano ay hindi nagtatagumpay, dahil gusto ng Diyos na alisin muna Niya tayo sa ating maginhawang lugar, at alisin din muna tayo sa lugar na lumalabag sa Kanyang kalooban, o ibalik tayo sa tamang daan.

**1. Si Job na matuwid.**
Ipinapakita ni Job na kayang ilihis ng Diyos ang daanan para sa mga taong matuwid.
Pinahintulutan Niya si satanas na subukan si Job.
1.1 Ang paglihis sa daanan ay isang pagkakataon sa atin na mapatunayan ang ating pananalig sa Diyos; maaari ring pagkakataon ito ni satanas para bumalik tayo sa kanya.
1.2 Naging matapat si Job sa kabila ng kanyang mga pagdurusa (Job 1:21). Kaya't dinoble ng Diyos ang ibinalik Niyang yaman ni Job.

**2. Si Balaam at ang Asnong Nagsalita.**
Alam na alam ni Balaam ang mga bilin ng Diyos; huwag niyang isumpa ang mga taong pinili Niya. Ngunit nadala siya sa mga matatamis na pananalita ni Balak, kaya't nilagyan niya ng silya ang kanyang asno at sumama sa mga sugo ni Balac (Bilang 22:20-35).

**2.1 Aralin #1. Naghahanap ang Diyos ng mga taong tatalima sa Kanya.**
● Maliwanag ang mga tagubilin kay Balaam, ngunit nagpasya siyang suwayin ang Diyos, tulad ni Jonah.
● Noong nilapitan ang mga tao si Jeremias at tanungin ang mensahe ni Yaweh kung mananatili sila sa kinaroroonan o babalik sila sa Egipto para matakasan ang kanilang mga kaaway, sinabi ni Jeremias na huwag babalik sa Egipto (Jer. 42).
● Sinusubukan nating ihanay ang ating kagustuhan sa kagustuhan ng Diyos. Ngunit hindi sinungaling ang Diyos (Bilang 23:19).

**2.2 Aralin #2: Kung tumataliwas tayo sa kalooban ng Diyos, naglalagay Siya ng mga hadlang para matauhan tayo.**

● Kailangang makilala natin ang hadlang kung ito'y paraan ng Diyos para makaiwas sa panganib o paraan ng kaaway para maakit tayo.
● Maaari tayong mabulag ng ating pagnanasa sa kayamanan, pagmamay-ari at katanyagan
(2 Cor. 4:4).
**2.3 Aralin # 3: Kung ang Diyos ay naglagay ng hadlang, huwag itong alisin o itaboy**.
● Pinalo ni Balaam ang asno na sinasakyan niya noong lumihis ito nang tatlong beses sa daanan nila pagkakita sa anghel. Sa wakas, niloob na ng Diyos na magsalita ang asno; binuksan ng Diyos ang mga mata ni Balaam para makita ang anghel.
● Hindi lahat ng hadlang ay kailangang mapagtagumpayan. Inilagay ng Diyos ang ibang hadlang para mailihis Niya tayo sa kapahamakan.

**3. Si Moses sa Pi-hahiroth.**
Inutusan ng Diyos si Moses na humimpil sa Pi-hahiroth na halos nasa hanganan na. Noong nalaman nito ng Faraon, pinahabol niya ang mga Israelita para wasakin sila (Exo. 14).
3.1 Kung makita ng satanas na tayo'y nalilito at nakulong na sa hangganan, papatayin niya tayo.
3.2 Pinaalalahanan tayo ng Diyos na maging alerto at inihanda Niya tayong magtagumpay
(2Cor. 10:4; Eph 6: 10-12).
3.3 Nakita ang kaluwalhatian ng Diyos ng nahati ang tubig sa dagat.

Kung dinadakila ng Diyos ang Kanyang sarili sa ating sitwasyon, nakasisiguro tayo na Siya ang haharap sa ating laban. Habang nakaharap tayo sa hadlang, huwag tayong matakot, sa halip manahimik at magdasal; ang banal na tulong ay parating na.

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis.
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials

**Hashtags:** #lihisnadaanan #hadlangsadaraanan